# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 45 BILANG 1 | BASAHIN AT TALAKAYIN | ENERO 2025

EDITORYAL

## Papag-alabin ang mga pakikibakang masa para sa lupa, kabuhayan at karapatan

Hinog ang mga kondisyon para palakasin ang demokratikong kilusang masa at muling payabungin ang mga protestang bayan. Sa nagdaang tatlong taon, patuloy na isinadlak ni Marcos Jr. ang sambayanan sa grabeng kahirapan habang nagpapasasa sa yaman ang kanyang pamilya, mga kroni at imperyalistang amo. Ipinataw niya ang di-deklaradong batas militar sa imbing layuning supilin ang anumang makatarungang pakikibaka. Walang pakundangan siyang nagpakatuta sa imperyalismong US para manatili sa kapangyarihan. Nahihiwalay at patuloy na kinamumuhian ng mamamayang Pilipino ang rehimeng US-Marcos II. Panahon nang bumangon at lumaban upang kamtin ang tunay na kalayaan at igiit ang mga demokratikong karapatan!

Sa mga lungsod at kabayanan, nararapat na sama-samang magprotesta laban sa pagtaas ng presyo ng pagkain, langis, matrikula at iba pang serbisyong panlipunan. Ngayong 2025, sumambulat sa buong bayan ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at gastusin. Labis itong ininda ng mamamayang Pilipino. Wala pa sa kalahati ng *family living wage* ang sahod ng mga manggagawa. Hindi sumasapat ang kita ng mga mala-proletaryado kahit samutsaring trabaho na ang pinapasukan. Dumadaing na rin ang mababa at panggitnang petiburgesya. Samantala, walang pakundangang liberalisasyon ang tugon ni Marcos Jr. sa implasyon na lalong nagpabarat sa presyo ng mga produktong bukid ng mga magsasaka.

Upang makahabol sa pangangailangan ng mamamayan, makatarungang ilunsad ang mga pakikibakang pang-ekonomya. Sa hanay ng manggagawa, kailangang paalingawngawin ang panawagang ₱1,200 pambansang minimum na sahod na magbibigkis sa kanilang pagkakaisa. Dapat nilang mabuo ang isang matibay at militanteng unyon na magsusulong ng kanilang pakikibaka para sa sahod, laban sa kontraktwalisasyon at iba pang karapatan sa paggawa.



KALATAS
Enero 2024
TOMO 45 BILANG 1

NILALAMAN

1 Papag-alabin ang mga pakikibakang masa para sa lupa, kabuhayan at karapatan
3 Serye: Mga kabataang binhi ng rebolusyon sa TK, iniluwal ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970
4 Ayon kay Ka Joma
4 Pahayag: Panatilihing buhay at nag-aalab ang diwa ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 at likhain ang panibagong sigwa!
7 Ang pagsulong at mga hamon sa kilusang pag-aaral sa TK
8 Kilos Protesta: Mga magsasaka, hustisya pa rin ang panawagan sa ika-38 anibersaryo ng Mendiola Massacre
9 Pagdiriwang ng ika-56 anibersaryo ng PKP sa TK
10 Tugon ni PdG: Ano ang dapat paghandaan ng nakikibakang mamamayan sa ikalawang termino ni Trump bilang pangulo ng US?
12 Kultura: Bagong taong pagsulong ni Malayang Bukirin
12 Kultura: Dekada ni Ka Azum

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social

Bigkisin ang mga mala-proletaryado—drayber, manininda, karpintero, manggagawang bukid, maralitang manginigisda at iba pang mga wala o kulang ng hanapbuhay—para sa pagtatanggol ng kanilang kabuhayan at panirikan. Malakas na tutulan ang mga mapangwasak na iskema ng estado na pumupuksa sa kanilang kabuhayan kagaya ng modernisasyon sa transportasyon, malawakang demolisyon, reklamasyon at iba pa.

Sa hanay ng mga magsasaka, kailangang paigtingin ang mga anti-pyudal na pakikibaka upang palakasin ang kilusang magbubukid. Labanan ang liberalisasyon ng importasyon ng bigas at iba pang produktong pang-agrikultura. Magprotesta laban sa napakataas na presyo ng mga *farm input*. Ipagtanggol ang lupa laban sa pangangamkam ng mga panginoong maylupa at burgesya komprador. Kasabay nito, ilantad at tutulan ang mga patakarang huwad na Emancipation Act, Support to Parcelization of Land for Individual Titling at *land use conversion* ng rehimeng Marcos II.

Pakilusin ang mga propesyunal kagaya ng mga guro, abugado, doktor, taong simbahan, taong midya at kawani ng gubyerno at kabataang estudyante para sa kanilang karapatan. Makipagkaisa ang mga kabataan at iba pang propesyunal sa kalunsuran sa pakikibaka ng mga magsasaka, manggagawa at mala-proletaryado.

Singilin si Marcos Jr. sa mga pinsalang dulot ng mga sakuna sa klima. Igiit ang bayad-pinsala sa pagkawala ng mga ari-arian at kabuhayan. Ilantad ang ugat ng pagkawasak ng kalikasan na dulot ng malawakang pagmimina at iba pang proyekto ng rehimen na sumisira sa kapaligiran.

Habang pinasisikad ang mga pakikibakang pangkabuhayan, dapat sabay na itambol ang mga pakikibaka para ipagtanggol ang karapatang tao laban sa pang-aatake ng estado. Dapat iputok ang mga anti-pasistang pakikibaka upang labanan ang pamamayagpag ng kultura ng impyunidad. Ipaunawa na ang paglabag ng estado sa karapatang tao ng mamamayan ay mauugat sa agawan para sa likas na rekurso, pangangamkam ng lupa at iba pang anyo ng pangyuyurak sa kabuhayan.

Singilin at papanagutin ang berdugong AFP-PNP at rehimeng US-Marcos II sa kabi-kabilang krimen ng malawakang pambobomba, pamamaslang, panggigipit, panghaharas at intimidasyon at iba pang paglabag sa karapatang tao. Ang AFP-PNP ang protektor ng estado upang malayang mandambong sa bayan. Gamitin hanggang makakaya ang reaksyunaryong batas upang ipagtanggol ang mamamayan. Sampahan ng mga kaso at kontra-kaso ang AFP at PNP sa pagpatay, iligal na pang-aaresto, iligal na pagdedetine, tortyur, pagsasampa ng gawa-gawang kaso, *red-tagging* at iba pang paglabag sa karapatang tao. Palakasin ang panawagang palayasin ang militar sa kanayunan at ilipat ang pondong militar tungong serbisyong panlipunan. Higit na palakasin ang anti-pasistang alyansa sa paghahatid ng pakikibaka mula sa pambansang entablado hanggang sa internasyunal na komunidad. Ipursige ang kampanyang pagpapanagot sa AFP-PNP, Marcos Jr., Duterte at US sa mga internasyunal na korte kagaya ng International Criminal Court, International People's Tribunal (IPT) at International Court of Justice lalo't nahatulang maysala ang mga ito sa IPT.

Itaas ang antas ng kamalayang panlipunan at pampulitika ng mamamayan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng maiinit na isyung pambayan sa kanilang mga lokal na problema, at pag-aangat ng kanilang mga lokal na isyu at pakikibaka sa mga saligang problema ng sambayanang Pilipino. Ang kasalukuyang kalagayan ng mamamayan ay ibinunga ng kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan sa pagsasabwatan ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata

kapitalismo. Pangunahing salot ang imperyalismong US na kumukubabaw sa Pilipinas at kumokontrol sa ekonomya, pulitika, militar at ugnayang panlabas ng huli.

Kailangang pukawin ang diwang makabayan at patriyotiko ng mamamayang Pilipino upang lumakas ang anti-imperyalistang pakikibaka ng bayan. Ipanawagan ang pagpapalayas ng mga pwersang militar at paglalansag ng mga base militar ng US sa Pilipinas. Sinasakyan ng imperyalismong US ang hidwaan ng Pilipinas sa China sa West Philippine Sea (WPS). Naglulunsad ito ng mga mapang-upat na operasyon laban sa China gamit ang Pilipinas at ibang mga kaalyadong bansa. Sa harap nito, dapat palakasin ang anti-imperyalistang pagkakaisa sa mga bansa sa Asia Pacific. Nararapat itaguyod ang nagsasariling patakarang panlabas at mga mapayapang paraan sa pagresolba ng hidwaan sa China.

Sa pagpapalakas ng anti-pyudal, anti-pasista at anti-imperyalistang pakikibaka ng bayan, magkakaroon ng maskulo ang kilusang anti-Marcos. Ang rehimeng Marcos II na pinakakonsentradong ekspresyon ng mapang-api at mapagsamantalang naghaharing-uri ang tagapamahala at tagapagtanggol ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Sinisipa nito ang mga Duterte at nangangayupapa sa imperyalismong US upang manatili sa poder. Tiyak na gagamitin ng mga Marcos ang *midterm elections* sa darating na Mayo upang makapangunyapit at makapag-konsolida ng kapangyarihan. Marapat itutok sa pangkating Marcos ang mga pakikibaka upang makamit ng bayan ang tunay na kalayaan at demokrasya.

Ang pagpapaalab ng mga pakikibakang bayan at muling pagpapanibagong sigla ng pampulitikang pagkilos ng malawak na masa ang mayor na tungkulin ng mga kasapi ng Partido sa balangkas ng kilusang pagwawasto. Kailangang igpawan ang mga nakaraang kahinaan sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan. Isagawa ang panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri at turukin ang interes ng mamamayan. Tiyaking nakalalapag ang rebolusyonaryong propaganda at edukasyon saan man may masang api at pinagsasamantalahan. Isagawa ang masisigabong talakayan sa matataong lugar kagaya ng mga eskwelahan, pabrika, sakahan, palengke, komunidad at iba pa kasabay ng paggamit ng iba pang daluyan ng impormasyon kagaya ng *social media* at *internet*.

Ang mga pwersang mapakikilos ay dapat ipaloob sa mga lihim na organisasyong masang kaanib ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Ang paglawak ng kilusang lihim ay magpapatatag sa pambansa demokratikong pakikibaka at magsisilbing bukal na pagkukunan ng mga bagong rekrut ng Partido. Ang Partido ang magsisilbing matibay na gulugod habang ang NDFP ang matibay na kalasag ng mamamayan sa panahon ng matinding karahasan ng estado. Titiyakin nitong matatag ang paninindigan ng mamamayan at matibay na pagkapit sa pakikibaka at prinsipyo.

Ultimong sukatan ng tagumpay ng mga pakikibakang bayan ang pag-aambag nito sa paglakas ng armadong pakikibaka. Sa pagtaas ng kamulatan ng taumbayang lumalahok sa kilusang masa, mabubuo sa kanila ang kapasyahang humawak ng sandata at makipag-gitgitan ng ngipin-sa-ngipin sa kaaway para sa kanilang karapatan. Higit silang napagbubuklod at tumatatag para sa hangaring paglaya, kaginhawaan at katarungang panlipunan na makakamit lamang sa ganap na pagtatagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon.

*SERYE*

MAKIBAKA HUWAG MATAKOT


## Mga kabataang binhi ng rebolusyon sa TK, iniluwal ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970

Ang Sigwa ay lumikha ng mainam na kondisyon para sa mabilis at masiglang paglawak ng rebolusyunaryong kilusan sa kalunsuran at kabayanan ng TK. Ang mga aktibista sa UPLB ay lumahok sa mga aksyong protesta sa pambansang kapitolyo noong dekada 1960 hanggang sa lumundo ito sa Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Kasabay ng malalaking aksyong protesta sa Kamaynilaan, naglunsad din sila ng mga aksyong protesta sa Los Baños, San Pablo at Sta. Cruz sa Laguna.

Bukod sa mga aktibistang mula sa UPLB, maraming estudyanteng aktibistang mula sa Kamaynilaan ang bumalik sa kani-kanilang probinsya noong bakasyon at nagtayo ng mga balangay ng Kabataang Makabayan (KM) at Samahan ng Demokratikong Kabataan (SDK). Sa pagtatapos ng 1970, nakatindig na ang mga balangay ng KM at SDK sa maraming bayan ng Laguna, Quezon, Batangas at Cavite.

Ipinamalas ng mga progresibong organisasyon sa TK ang lapad at lakas nito noong Enero 1971 sa pagtugon sa pambansang protesta laban sa pagtaas ng presyo ng langis. Naparalisa ang maraming linya ng transportasyon sa rehiyon. Nagbarikada ang mga estudyante at drayber sa dating *national highway* sa Los Baños.

**Ang Makibaka Huwag Matakot ay serye na magbabalik-tanaw sa maniningning na tagumpay ng kilusang masa sa rehiyon at buong bansa. Layon nitong magbigay inspirasyon sa kasalukuyang henerasyon na patuloy na magpunyagi at lumaban. Mangahas makibaka, mangahas magtagumpay!*




"Ang mamamayang Pilipino at kanilang rebolusyonaryong pwersa (ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan, ang Pambansa Demokratikong Prente ng Pilipinas, ang mga pangmasang organisasyon at mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika) ay mataas ang kumpyansa na patuloy silang magtitipon ng lakas at susulong sa gitna ng mga krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema ng malalaking komprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista. Nakatitiyak sila na magtatamo ng mas malalaking tagumpay sa darating na taon at maisusulong ang demokratikong rebolusyong bayan na may sosyalistang perspektiba."

*- Mensahe sa Bagong Taon, Enero 2020*
*Daluyong ng paglaban ng mamamayan sa Pilipinas at buong daigdig*

*PAHAYAG*

# Panatilihing buhay at nag-aalab ang diwa ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970 at likhain ang panibagong sigwa!

***Ka Reden****, *Enero 26, 2025*

Mga kasama,

Lima't kalahating dekada na ang lumipas ngunit sariwa pang umaalingawngaw sa kasaysayan ng bansa ang pagdaluyong ng Sigwa ng Unang Kwarto noong 1970.

Nasa unahan ang Kabataan Makabayan—ang kumprehensibong organisasyon ng mga kabataang Pilipino—sinindihan ng Sigwa ang malawak at makayanig-lupang mga kilos masa na humamig at nilahukan ng lahat ng demokratikong pwersa at uri sa lipunan na binubuo ng masang manggagawa, magsasaka, mga maralita sa kalunsuran at ng iba pang api't pinagsasamantalahan upang hilingin na radikal na baguhin ang mapagsamantala at mapang-aping lipunang Pilipino.

Hinubog ng Sigwa ang isang pambansang kamalayang nagtatakwil sa bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas at ibinandila ang isang alternatibong programa at kaayusang pambansa-demokratiko na sumasalamin sa popular na adhikain ng bayan.

Hinubog din nito ang isang henerasyon ng kabataang Pilipino na may napakataas na rebolusyonaryong kamalayan at dedikasyon sa pulitika at lipunan na naghahangad na baguhin ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas at isulong ang adhikain ng pambansang kalayaan at demokrasya.

Limampu't apat na taon na ang lumipas, ngunit ang mga islogan at panawagan ng Sigwa na Ibagsak ang imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo; Makibaka, Huwag Matakot; at Digmang Bayan, Sagot sa Batas Militar ay nagpapatuloy ang kabuluhan at nananatiling mga balidong panawagan sa mamamayan hanggang sa kasalukuyan. Ang panawagan at islogang "Digmang Bayan, Sagot sa Martial Law" ay nagkaroon ng ebolusyong "Digmang Bayan, Sagot sa Kahirapan!" upang patuloy na patibayin na sa pamamagitan lamang ng armadong pakikibaka maibabagsak at madudurog ang pundasyon ng magkasamang paghahari ng imperyalismo at mga lokal na papet sa Pilipinas—at magbibigay daan para maitatayo ang isang bansang maunlad, masagana at malaya.

Dapat na mahigpit na hawakan ng kasalukuyang henerasyon ng mga aktibista't rebolusyonaryo ang pamanang mga aral ng Sigwa ng Unang Kwarto sa kasalukuyang Kilusang pagwawasto.

Ang Sigwa ay naging isang makapangyarihang paaralang pambayan na naglalantad sa kabulukan ng malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas. Malakas nitong itinambol sa buong kapuluan ang pagwawakas sa paghahari ng imperyalimong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ipinawagan nito ang isang rebolusyong pangkultura sa larangan ng edukasyon, sining at panitikan, natural na siyensya at siyensyang panlipunan alinsunod sa makamasa, siyentipiko at patriyotikong nilalaman. Naging kritikal ito sa pagpuna sa lahat ng anyo ng reaksyunaryong kaisipan at ng mga lipas nang kinamulatang tradisyon at paniniwala na salungat sa interes ng mamamayan.

Inantig ng Sigwa ang damdamin ng masa ng mga manggagawa, magsasaka at iba pang maralita sa kalunsuran

at kanayunan gayundin ang mga progresibong intelektwal at iba pang patriyotikong pwersa upang aktibong lumahok sa isang malapad na nagkakaisang prente laban sa imperyalismo, pasismo at pyudalismo.

Subalit ang nalikhang pagdaluyong ng demokratikong kilusang masa sa pambansang kabisera at mga mayor na syudad sa buong kapuluan ay di magiging posible kung wala ang masikhay at mapagsakripisyong pang-organisasyon at pampulitikang preparasyon sa masa ng mga proletaryong rebolusyonaryo at mga aktibistang intelektwal noong dekada 60's at ang pinaghugutan nitong anti-imperyalismong nasyunalismo ni Claro M. Recto ng dekada 50's na nanawagan ng Ikalawang Kilusang Propaganda. Ang mga naisagawang protesta't kilos masa sa mga dekadang ito ay nagsilbing pampulitikang pag-iensayo at pagpupundar ng lakas sa pulitika at organisasyon upang malawakang pukawin, organisahin at pakilusin ang masa pagsapit ng dekada 70's sa kanilang puo-puo at daan-libong bilang para sa kalayaan at demokrasya.

Ang mga aktibista at rebolusyonaryong pinanday at hinubog ng Sigwa ay ang pinakakrema ng henerasyon yaon. Mataas ang kanilang motibasyon at dedikasyon na paglingkuran ang mamamayang api't pinagsasamantalahan. Pinuspos nila ang kanilang mga sarili para kumalat sa buong kapulan, matiyagang nakipamuhay sa masa, sinaliksik at pinag-aralan ang problema ng masang api't pinagsasamantalahan, nakipag-aralan at mapagkumbabang natuto sa karanasan ng masa at bunga nito epektibong inihatid at ipinaunawa ang mensahe ng pambansang demokrasya at pangangailangan ng armadong pakikibaka.

Itinaguyod ng masa ng sambayanan at inangking kanila ang adhikain ng pambansang demokrasya dahil sinasalamin at sinasapul nito ang pinakabatayang interes ng pinakamalawak na bilang ng mamamayang Pilipino—ang usapin sa lupa, sahod at kawalang trabaho, malaganap na kahirapan, inhustisyang panlipunan, soberanya ng bansa at ng pasismo't paniniil ng estado ng malalaking kumprador at panginoong maylupa kabilang ang kanilang mga burukrata-kapitalistang ahente sa reaksyunaryong gubyerno.

Habang pangunahing itinulak ng panloob na mga kundisyon ng Pilipinas ang kumukulong panlipunang bulkan at ligalig sa bansa ang naiipon na *momentum* ng mga pakikibakang masa na rumurok sa Sigwa, may impluwensya din ang rebolusyonaryong pagdaluyong sa mundo at umiiral na pandaigdigang ligalig bunga ng krisis ng pandaigdig na kapitalismo.

Sa tagumpay ng Rebolusyong Oktubre sa Russia noong 1917 sa pamumuno ng Dakilang Lenin sa gitna ng WW I, hinawan ang pagkakatatag ng unang sosyalistang bansa—ang Unyong Sobyet—na sumasaklaw sa sang-anim ng populasyon ng mundo. Sa pamumuno naman ng Dakilang Stalin, matagumpay na isinulong ang sosyalistang konstruksyon at kinonsolida ang sosyalismo sa Unyon Sobyet, kaalinsabay, ginapi ng Internasyunal na Anti-Pasistang Nagkakaisang Prente ang Nazismo at imperyalistang ambisyon ni Hitler sa Europa at ng Japan sa Asya-Pasipiko. Kasunod naman ng tagumpay ng Rebolusyong Tsino noong 1949 sa pamumuno ng Dakilang Mao Zedong, hinawan ang pagkakabuo ng makapangyarihang sosyalistang kampo na sumasaklaw sa sangkapat ng populasyon ng daigdig.

Kaya sa pagsasara ng WW II, magkakasunod na pinalaya ng mga rebolusyonaryo at Pulang Hukbo ng Unyon Sobyet ang mga bayan sa silangan Europa samantalang sa silangang Asya, ginapi at pinatalsik ng People's Liberation Army ng China ang mananakop na Japan, lumaya ang North Korea sa pamumuno ni Kim Il-Sung at ang North Vietnam sa pamumuno ni Ho Chi Minh.

Ang tagumpay ng Rebolusyong Tsino at ng Dakilang Proletaryong Pangkulturang Rebolusyon sa China ay naging inspirasyon ng mga proletaryo at rebolusyonaryong Pilipino upang bigyan ng kaganapan ang demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas. Kahit pagkaraan ng Sigwa, pinangunahan at pinamunuan ng mga bateranong kadre ng Partido na iniluwal ng Sigwa ang malakas na pagtutol sa gerang interbensyon ng US sa Vietnam, ang pagtatayo ng mga base militar ng US sa Pilipinas sa paglulunsad ng gerang agresyon sa Vietnam at silangang Asia, ang mga di pantay na kasunduan ng Pilipinas sa US na nagbaba sa katayuan ng bansa bilang malakolonya at ang iba't ibang anti-mamamayan at anti-demokratikong pakana ng US sa Pilipinas.

Sa kaigtingan at rurok ng mga protesta at pakikibakang masa na umabot sa tarangkahan ng Malakanyang at mga simbolo ng reaksyunaryong paghahari, hinubaran at lantarang hinamon ng Sigwa ang pagiging lehitimo ng estadong malakolonyal at malapyudal. Ang dating paghaharing natatago sa likod ng liberal demokrasyang palamuti ay sinimulang iwaksi ng mga nagpalit-palitang rehimen para ilantad ang pangil ng pasismo at terorismo ng estado.

Nasadlak ang naghaharing rehimeng US-Marcos, Sr. sa pampulitikang krisis na hindi na makapaghari sa dating liberal-demokratikong paraan ng pagpapanggap. Kinailangan nitong magpatupad ng paghaharing kamay-na-bakal bunga ng labis na takot sa masa at upang supilin ang dumadaluyong na demokratikong kilusan at armadong pakikibaka ng mamamayan.

Sa ganito maipapaliwanag ang pagsuspinde ng *writ of habeas corpus* at ang kasunod na pagpapataw ng Batas Militar ni Marcos, Sr. noong 1972 at ang kasunod na deklarasyon ni Duterte ng Batas Militar sa

Mindanao at pasistang lagim sa buong bayan matapos ang unang taong panunungkulan nito noong 2016.

Kahit nang naibagsak ang diktadurang Marcos, Sr. ng isang pag-aalsang bayan at rebelyong militar sa Edsa noong 1986, hindi na naibalik ang dating paraan ng paghahari ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Kinailangan nilang bihisan ng manipis na tabing ng burges na demokrasya ang pasismo ng estado nang mailuklok sa kapangyarihan si Corazon Aquino. Palatandaan ito ng patuloy na lumalalim at walang pagkalutas na krisis ng naghaharing sistema.

Sa magkakasunod na nagpalit-palitang mga rehimen mula kay Ramos, Estrada, Arroyo, BS Aquino, Duterte at kasalukuyang Marcos, Jr, nagpatuloy lamang ang pinaiiral na di deklaradong batas militar at brutal na panunupil sa mamamayan sa likod ng manipis na tabing ng burges na demokrasya.


Mahalaga para sa kasalukuyang henerasyon ng mga proletaryong rebolusyonaryo at aktibista na matamang pag-aralan, unawain at sapulin ang teorya ng estado at rebolusyon batay sa ginawang pagpapalawig ng dakilang Lenin upang maunawaan ang galaw at igagalaw ng mga reaksyunaryo at ang diyalektiko sa likod nito sa relasyon ng pagkilos ng mga rebolusyonaryo at ligal na mga demokratikong pwersa.


Marami na ang nasulat na pagsasalaysay sa mga kaganapan sa naging pagdaluyong ng mga pakikibaka noong unang kwarto ng 1970. Para sa bagong henerasyon ng mga aktibista at rebolusyonaryo, iminumungkahi kong basahin at malawakan nyong pag-aralan ang dalawang akda ni Kasamang Jose Maria Sison na ***"Significance of the First Quarter Storm of 1970" (Statement in Celebration of its 40th Anniversary, Enero 25, 2010)*** at ***"Historic significance and continuing relevance of the first quarter storm of 1970" (Setyembre 20, 2018)*** gayundin ang librong ***"Days of Disquiet, Nights of Rage"*** ni Jose F. Lacaba. Wala nang hihigit pa sa mga akdang ito sa lalim at saklaw ng pagsapol sa kontekstong istorikal kung bakit naging posible ang Sigwa. Ang mga akdang ito ang pinakamahusay na nagtala, nagsalaysay, buhay na naglarawan at nagsuma sa mga aral ng makasaysayang Sigwa ng 1970. Mahalagang tambalan nyo ito ng pagbabasa at pag-aaral sa mga artikulo at diskurso ni Kasamang Jose Maria Sison sa kanyang librong ***"Struggle for National Democracy"*** na kapwa nasa edisyong English at Pilipino.

Hindi na ako magpapalawig pa sa mga binaybay ni Kasamang Jose Maria Sison sa nagpapatuloy na kabuluhan ng Sigwa ng Unang Kwarto ng 1970. Mas magbibigay pansin ako sa pagpapalawig ng kabuluhan ng mga karanasan at aral na mahahango sa Sigwa sa kasalukuyang kilusang pagwawasto at mga tungkulin sa panibagong kumprehensibong pagpapalakas ng Partido bilang mahalagang sangkap sa pagpapalakas ng mga armadong pwersa ng mamamayan, pagtatatag ng malakas na suporta sa Bagong Hukbong Bayan at panibagong pagdaluyong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan para likhain ang maraming punto ng inisyatibang pampulitika para sa matagalang digmang bayan.

*Abangan ang kasunod na bahagi sa Kalatas Pebrero.*

**Si Ka Reden ay masugid na mag-aaral ng MLM at tagamasid ng takbo ng rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas. Kabilang siya sa ikalawang henerasyon ng mga kadre sa TK na nagkaroon ng bahagi sa pagpupundar ng rebolusyonaryong kilusan at Partido sa maagang bahagi ng rehiyon.* K



# Ang pagsulong at mga hamon sa kilusang pag-aaral sa TK

Ang kilusang pagwawasto ay isang kilusang pag-aaral para itaas ang kakayahan ng mga kadre at kasapi ng Partido na gamitin ang MLM bilang gabay sa praktika ng pagrerebolusyon. Ang pambansang panawagan ng Partido na maglunsad ng kilusang pagwawasto para iwaksi ang empirisismo at mga iniluwal nitong kahinaan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ay masigabong pinagtibay, hinawakan at isinakatuparan ng Partido sa rehiyon.

Pebrero 2024 nang ilunsad ang panrehiyong kampanya sa edukasyon mula sa KHKR sa pamamagitan ng Kagawaran sa Edukasyon (KARED-TK) na may anim na puntong nilalaman sang-ayon sa instruksyon ng Komite Sentral ng Partido sa pahayag nito sa ika-55 anibersaryo ng PKP. Ang mga ito ay:

(1) pag-aaral at pagbabalik-aral sa mga batayang prinsipyo ng MLM,

(2) pag-aaral at puspusang pagbabalik-aral sa ***Konstitusyon ng Partido*** at ***Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan,***

(3) pagbabalik-aral sa mga dokumento ng Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto,

(4) nagpapatuloy na kampanya sa 3-antas na Kurso ng Partido,

(5) paglulubos ng mga kampanyang paglalagom sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga espesyal na kurso, at

(6) pagbabalik-aral sa mga memorandum ng KTKS mula huling kwarto ng 2022 at buong 2023 at maagap na pag-aralan ang mga ilalabas pa sa 2024.

Sinindihan ang kilusang pag-aaral sa rehiyon sing-aga ng Nobyembre 2022 matapos ilabas ang dokumentong ***Ampatin ang mga Pinsala at Pag-atras, Ipreserba ang Natipong Lakas at Muling Ikambyo-pasulong ang mga Gawain at Pwersa!***, ang panrehiyong papel-paglalagom sa TK sa nakaraang anim na taon. Iniresulta nito ang 553/7,135 pag-aaral sa buong rehiyon kung saan ang 82% ay pag-aaral sa mga araling itinakda sa kilusang pagwawasto, 7% iba pang aralin sa Partido, 6% sa 3-antas na kurso ng Partido (3LPC), at 4% sa ***Saligang Batas ng PKP***.

Sa kampanyang pag-aaral sa kilusang pagwawasto, may 466 bugso at nagpapatapos ng 5,322 sa 40 kurso/aralin kabilang ang mga *memorandum*. Nag-aabereyds ito ng 39 bugso sa isang buwan sa buong rehiyon, 12 bugso naman sa pag-aaral sa bawat kurso/araling tinukoy na susi sa kilusang pagwawasto. Pinakamalaki ang nailunsad na mga pag-aaral sa pahayag ng KS at KRTK sa ika-55 anibersaryo ng Partido at popular na bersyon ng dokumentong Ampatin kung saan naunipika ng lahat ng komite ng Partido sa rehiyon ang 100% ng pultaym na kasapian habang may ilang mga organong nakapagbahagi sa lokal na kasapian at mga aktibistang masa.

Positibong praktika sa nagkakailang organo ang pagtatakda at pagbibigay-diin sa mga aralin at kursong nakikita nilang angkop batay sa mga inilulunsad na paglalagom at pagtatasa. Ang ilan ay nagbubuo ng mas maiikling kurikulum sa pag-aaral at ang ilang kurso ay isinasailalim sa programa sa kolektibong pagbabasa. Masigla rin ang pagsisikap na pag-aralan ang ilan pang mga kurso ng Partido/maiikling artikulo ng mga dakilang gurong Komunista batay sa nakikitang pangangailangan ng mga kolektibo. Masigla rin ang pag-aaral sa mga memorandum ng Partido mula pambansang antas at may pagsisikap na matalakay ang mga ito hanggang sa mga lokalidad.

Samantala, maliit ang bilang at maituturing na hindi pa buu-buong nakabwelo ang pag-aaral sa 3-antas na kurso ng Partido sa taong 2024 na umabot lamang sa 34/181 (27/132 sa BKP, 6/33 sa IKP at 1/16 sa AKP). Tampok ang positibong karanasan ng dalawang organo sa rehiyon kung saan naglunsad ang isa ng *remedial classes* para sa mga hindi nakakadalo habang ang isa'y nagsanay ng 17 instruktor ng BKP at IKP.

Lumitaw ang iba't ibang paraan sa paglulunsad ng pag-aaral— mayroong nakakapagtayo ng mga gerilyang Paaralang JMS na nagpapatapos sa malaki-laking bilang (10 pataas) ng mga estudyanteng Hukbo at lokal; mayroong *staggered* (kada paksa)



na pag-aaral at kumbinasyon ng kolektibong pagbabasa at pag-aaral/talakayan; mayroong mga ED festival sa kalunsuran kung saan nagtitipon ang mga pwersa sa loob ng ilang araw at pinag-aaralan ang mga kurso nang sunud-sunod. Samantala, natukoy na malaki pa ring hamon ang pagtatayo ng makinarya sa edukasyon o pagpaparami ng mga instruktor ng 3LPC at PADEPA.

Sa diwa ng pagwawasto, nakatanaw ang buong organisasyon ng Partido sa rehiyon na higit pang isulong ang gawaing edukasyon bilang mayor na komponente ng kilusang pagwawasto. Dapat nitong pangibabawan ang mga balakid at mapagpasyang ipatupad ang mga tinukoy nang hakbangin upang isakatuparan ang bahagi nito sa pagpapalalim at pagpapalawak ng kilusang pagwawasto sa buong saklaw.

*KILOS PROTESTA*



# Mga magsasaka, hustisya pa rin ang panawagan sa ika-38 anibersaryo ng Mendiola Massacre

Sa pangunguna ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan, katuwang ang Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan, Tanggol Magsasaka Timog Katagalugan, Lupa ay Buhay, Kalikasan Timog Katagalugan, at Bagong Alyansang Makabayan Timog Katagalugan, matagumpay na nailunsad ang Tigmak ng Dugo sa Paanan ng Mendiola: Isang Forum Paggunita ng ika-38 Anibersaryo ng Mendiola Massacre sa UP Los Baños.

Umabot sa 132 mahigit ang dumalo sa *forum* na mayor na komposisyon ay mga magbubukid mula sa mga lalawigan ng Cavite, Laguna at Quezon. Nakiisa rin ang ibang mga sektor na sumusuporta sa laban para sa tunay na reporma sa lupa at hustisya para sa mga biktima ng Mendiola Massacre.

Matatandaang Enero 22, 1987, sa ilalim ng rehimeng US-Cory Aquino, libu-libong magbubukid mula sa Timog Katagalugan ang naging parte sa martsa ng 20,000 na magsasaka, mangagawang bukid, at iba pang sektor mula sa DAR patungo ng paanan ng Tulay ng Mendiola bitbit ang mga panawagan para sa tunay na reporma sa lupa. Ngunit imbes na pakinggan ang kanilang panawagan, sinalubong sila ng mga bala mula sa pinagsanib na pwersa ng mga militar at Philippine Constabulary na noon ay nasa ilalim ng pamumuno ni Hen. Fidel V. Ramos. Umabot sa 13 ang magsasakang pinaslang noon kung saan 7 ay mula sa probinsya ng Laguna at daan-daan ang nagtamo ng mga sugat at tama ng bala. Tatlumpu't walong taon na ang nakakalipas ngunit wala pa ring katarungang natatamasa ang pamilya ng mga biktima ng Mendiola Massacre.




Iniugnay ng *forum* ang madugong kasaysayan ng Mendiola Massacre sa kasalukuyang kalagayan at hamon sa kilusang magsasaka. Sinimulan ni Rafael "Ka Paeng" Mariano ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at dating DAR Secretary ang talakayan sa pagbaybay sa kasaysayan ng kilusang magbubukid sa bansa at ang mga huwad na reporma sa lupa. Pagkatapos ay nagbahagi ng karanasan si Tessie Alvarez mula sa Ugnayan ng mga Ina sa Tartaria kung paanong sa harap mismo niya at ng kaniyang mga kapatid ay pinaputukan ng baril ang mga magbubukid na payapang nananawagan para sa kanilang mga karapatan. Sinundan ito ng pananalita ni Mirriam Villanueva ng KASAMA-LR at 5th nominee ng Gabriela Women's Party ng pagtalakay sa patuloy na pasismo ng estado sa mga magbubukid. Itinanghal niya ang tulang "Putragis Amang," isang tula hinggil sa Mendiola Massacre. Bago ang *open forum* ay binasa ni Jeverlyn Seguin ng KASAMA-TK ang liham mula kay NDFP Consultant Wigberto Villarico na iligal na piniit ng estado kahit na mayroon itong immunity bilang isang JASIG *holder*. Laman ng liham ang panawagan sa mga magsasaka na ipagpatuloy ang pambansa-demokratikong pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang paglaya.

Nagbigay rin ng mensahe ng pakikiisa ang iba't ibang sektor tulad ng kabataan, Tanggol-Kalikasan, at manggagawa. Tinapos ang programa sa isang *open forum.* Pagkatapos ng *forum* ay pumunta ang mga magsasaka at iba pang kalahok sa Carabao Park upang magsagawa ng isang maikling pagkilos at pagsisindi ng kandila para sa mga biktima ng Mendiola Massacre.

# Pagdiriwang ng ika-56 anibersaryo ng PKP sa TK

Matagumpay na nailunsad ang pagdiriwang ng ika-56 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa Timog Katagalugan mula huling linggo ng Disyembre hanggang Enero.









Iniulat ng mga yunit ng BHB sa rehiyon ang ligtas na pagtitipon ng mga bisita para sa selebrasyon sa gitna ng pasistang pang-aatake ng kaaway. Inilunsad din nila ang seremonya ng parangal para sa mga martir at pag-aaral sa mga pahayag ng Komite Sentral at Kalihiman ng Komiteng Rehiyon sa TK sa ika-56 anibersaryo ng PKP.

Dose-dosenang mga kabataan at manggagawa mula sa kalunsuran ang pumasok sa iba't ibang sonang gerilya sa rehiyon. Signipikanteng bilang sa mga ito ang nagpasyang magpaiwan upang makipag-integra at mag-TOD sa mga yunit ng BHB sa rehiyon.

Sa Quezon, simple, pero makabuluhan ang isang kapehan-style na pagdiriwang ng ika-56 na Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Pinarangalan nila ang mga martir ng Quezon sa nakaraang taon partikular si Divine "Ka Zoe" Sureta at Paolo "Ka Isko" Cruz na nagbuwis ng kanilang buhay noong Marso 28, 2024 sa bayan ng Guinayangan. Nagbigay ng pahayag ng pakikiisa ang mga bisitang dumalo na nagmula sa mga alyadong samahan ng NDFP kagaya ng Kabataang Makabayan at Artista at Manunulat para sa Sambayanan.

Parte rin ng selebrasyon ang pagsasalo-salo sa kaunting handang pagkain, bahaginan ng karanasan sa nagdaang taon, pagbuburda, pagdodrowing, kantahan at pagbabasa ng ilang librong MLM.

Ayon sa Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon, bigo ang patuloy na nag-ooperasyong AFP at PNP sa itinuturing nilang *"insurgency-free"* na lalawigan ng Quezon.

Sa Mindoro, tagumpay ang pagdiriwang ng mga yunit ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro. Sa kabila ng sunud-sunod na labanan mula Nobyembre hanggang Disyembre, militanteng pinagdiwang ang anibersaryo sa piling ng mga masang magsasaka at katutubo at mga bisita mula sa lungsod.

Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC, "Malaki ang ginampanan ng malawak na baseng masa na patuloy na sumusuporta sa Partido sa ibayo pang pagpapataas ng antas ng praktika nito. Kung kaya, hangga't buong loob at matatag na nakasuporta ang masa sa partido ay kailangan nitong lalong paghusayin ang praktika sa paglikha ng mga aktibong pagbigo sa mga planong paghagupit ng kaaway para wasakin ang baseng masa at hukbo nito."

Matagumpay ring idinaos ng Narciso Antazo Aramil Command-BHB Rizal ang selebrasyon ng anibersaryo na dinaluhan ng mga kasapi ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa mula sa hanay ng mga magsasaka, manggagawa, maralitang lungsod, kababaihan at kabataang-estudyante. Matapos ang pagdiriwang, marami ang nanatili upang makipamuhay sa BHB.

Sa gabi matapos ang selebrasyon, naglunsad ang yunit ng kapehan sa temang "Ang papel ng kabataan sa kilusang pagwawasto" kung saan nagtanghal at nagbigay ng mga mensahe ang mga hukbo at mga kabataang integri at TOD. Ayon sa mga kabataan, napagtibay ang kanilang perspektiba na tahakin ang landas ng armadong pakikibaka sa hinaharap.

Sinalubong naman ng mga pwersa ng NDF-Rizal ang pagbubukas ng 2025 sa isang mapulang Oplan-Sabit at Oplan-Dikit (OSOD). Pinangunahan ng Kabataang Makabayan-Rizal ang OSOD sa pakikipagtulungan sa NDFP-Rizal. Isinabit nila ang makulay at kapansin-pansing balatengga sa mataong sentro ng syudad ng Antipolo na naglalarawan sa PKP na "Hindi Magagapi! Mabuhay ang ika-56 Anibersaryo ng PKP!" sa kabila ng itinakdang *deadline* ng rehimeng US-Marcos II, AFP-PNP at NTF-ELCAC na dudurugin at wawakasan na ang PKP-BHB-NDFP sa taong 2024.

Nagsagawa din ang KM-Rizal ng *sticker bombing* na naglalaman ng iba't-ibang panawagang nagtatanghal sa PKP-BHB-NDFP, nanawagan sa pagsapi ng mga kabataan at mamamayan sa NPA, Hustisya para sa lahat ng rebolusyonaryong martir, pagsasalarawan sa 80th IBPA na berdugo, terorista at mamamtay tao, Rebolusyon hindi eleksyon at Digmang Bayan ang sagot sa kahirapan. Dagdag pa, kinalat nila sa mga bahay-bahay ang mga polyeto ng 10 Dahilan Bakit Mahal ng Mamamayan ang NPA. K

TUGON ni PATNUBAY DE GUIA

# Ano ang dapat paghandaan ng nakikibakang mamamayan sa ikalawang termino ni Trump bilang pangulo ng US?

Katulad ng nakagigimbal na pagbabalik ng isang Marcos sa tuktok ng estado poder ng GRP, naligalig ang buong mundo nang muling manalo sa pagkapresidente ng US si Donald Trump, isang sagadsaring maka-Kanang pasista at gahamang monopolyo-kapitalista na unang naging pangulo mula 2016-2020.

Ang muling pagluklok kay Trump bilang presidente ng US sa panahong bumubulusok ang ekonomya ng *superpower* at hinahamon ang hegemonya nito sa pulitika at militar ay palatandaan ng tumitinding krisis ng imperyalismo at epekto nito sa sitwasyong pampulitika sa loob ng US. Laganap na ang pagkasiphayo ng mamamayang Amerikano sa kasalukuyang sistemang kapitalista at nawawalan na sila ng tiwala sa "demokrasyang Kanluranin", kaya't nagkakaroon ng puwang para sa mga tulad ni Trump na manlinlang at umani ng tagasuporta. Sa pamamagitan ng pagsasamantala sa likas nang depektibong sistema ng eleksyon sa US na gumagamit ng *electoral colleges*, nakabalik si Trump sa White House at sa pandaigdigang entablado ng kapangyarihan.

Bitbit ang islogang Make America Great Again (MAGA), kinatampukan ang unang termino ni Trump ng mga tuwirang pang-aatake sa mga migrante, manggagawa, kababaihan at mga progresibo sa hanay ng mamamayang Amerikano, paglala ng kalidad ng pamumuhay sa US at pagpapasidhi ng ribalan ng US sa China, pati ng pakikipag-alitan sa North Korea. Kasabay ni Trump na nakaupo sa poder si Rodrigo Duterte, na bagamat nagpakita ng pagkiling sa China—at nagkunwari pang ipababasura ang Visiting Forces Agreement—ay naging tuta pa rin ng US.

Inaasahang magiging mas malupit at mas garapalan si Trump sa kanyang ikalawang termino. Ang kanyang pagbabalik sa poder ay desperadong hakbang ng mga naghaharing uri sa US at mga nangungunang monopolyo kapitalista upang isalba ang sarili mula sa krisis at ibayo pang higupin ang yaman ng daigdig sa kapinsalaan ng mamamayang anakpawis.

Para sa malakolonya ng US na Pilipinas, nangangahulugan ito ng mas malalang pandarambong sa mga rekurso, pagpapasidhi ng neoliberalismo, pagpapalakas ng presensya ng pwersang militar ng US sa sariling teritoryo ng Pilipinas at mas matinding kampanyang supresyon laban sa rebolusyonaryong kilusan at iba pang naglulunsad ng anti-imperyalistang pakikibaka sa bansa. Sa ganito, isang malaking hamon para sa pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas at pati sa ibayong dagat ang susunod na apat na taong nakaupo si Trump sa White House. Kailangang ilunsad ang mas marubdob na pakikipaglaban sa imperyalismo, burukrata kapitalismo at pyudalismo sa bansa upang biguin ang mga pakana ni Trump kakutsaba ang masugid nitong tutang si Marcos Jr.

Nakaamba ang mas matinding hagupit sa ekonomya ng Pilipinas at kabuhayan ng mga Pilipino sa ilalim ni Trump, na pagkaupo sa pwesto ay agad na nagpahayag na magiging pokus ng kanyang administrasyon ang pagtataguyod sa pang-ekonomikong interes ng US at pagtitiyak na "hindi ito nagugulangan" sa kalakalan. Habang bumubulusok ang ekonomya ng US, ito pa rin ang higit na nakikinabang sa mga internasyunal na kasunduan sa kalakalan at nananatili itong isang dominanteng pwersa sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Ang pabalat-bungang deklarasyon ni Trump ay may pailalim na mensahe—magiging mas agresibo ang US sa pagkopo ng mga materyales para sa produksyon at kikiling sa pagpapatupad ng proteksyunistang patakaran. Ramdam na ito sa pagbabanta at pagpapataw ni Trump ng mas mataas na taripa sa Canada, China at iba pang bansa.

Nagsusulong ang US ng mga katulad na hakbanging pangkalakalan sa Pilipinas, na gaya ng inaasahan, ay hindi tinututulan ng GRP. Sa inilabas na datos ng US Trade Department, sinasabi nitong aabot sa $4.9 bilyon ang *trade deficit* ng US sa Pilipinas noong 2024, mas malaki umano nang 21% kaysa 2023. Sa pagbasa ng mga burgis na ekonomista, hahabulin ng US na paliitin ang depisitong ito. Bukod sa pagtataas ng taripa, itutulak din ang iba pang patakaran tulad ng ibayong pagbubukas ng merkado sa Pilipinas para sa mga produktong agrikultural ng US, pagbili ng GRP ng mas maraming kagamitang militar mula sa mga kumpanyang Amerikano at iba pang konsesyon sa industriya ng *semiconductor* upang maakit ang mga Amerikanong mamumuhunan. Kaakibat na rin nito ang pag-oobliga sa papet na estado na bawasan ang pakikipagkalakalan ng Pilipinas sa China na pangunahing karibal ng US sa ekonomya.

Dagdag na pahirap ang mga nabanggit sa masang magsasaka, manggagawa at mga maralitang Pilipino. Sa pagbaha ng mga produktong agrikultural ng US sa pamilihan, maaapektuhan ang presyo ng mga lokal na produkto. Maaaring maapektuhan maging ang mga lokal na prodyuser na nagsusuplay sa mga pagawaan. Dati nang pinangangambahan na ang dagdag na importasyon ng mga produktong pampatamis galing US para gamitin sa mga lokal na pagawaan ng mga pagkain ay magpapababa sa demand para sa lokal na asukal.

Sa bahagi ng mga manggagawa, magkaka-anyo ang mga "pabor" sa mga kapitalistang Amerikano sa mas mapagsamantala at mapanupil na kalakaran sa mga engklabo't pabrika. Tiyak na mananalasa ang mga patakarang maniniil sa karapatang

mag-unyon at sasagarin ang kayang ibagsak ng sahod upang mamaksimisa ang tubo.

Hindi rin palalampasin ng panibagong administrasyong Trump ang pagkakataon upang kopohin ang mga rekurso at negosyo sa susing sektor ng ekonomya, laluna ang mina at enerhiya. Magiging tuntungan ni Trump ang mga naunang kasunduan at kontratang isinara ni Marcos Jr. sa ilang beses niyang pagbisita sa US noong panahong pangulo si Joe Biden.

Asahan na itutulak ni Trump ang ganap na pag-alis sa mga restriksyon sa pag-aari at kontrol ng mga dayuhan sa mga ari-arian at negosyo sa Pilipinas sa hangaring buung-buo nang maangkin ang mga rekurso at salikupin ang ekonomya ng bansa. Matatandaang nagkaroon ng ganitong panukala sa panahon ni Duterte habang presidente pa ng US si Trump, at muli itong binuhay bilang *economic chacha* ni Marcos Jr.

Kilala si Trump sa pagiging mapusok at mapanghati, kaya't inaantabayanan ang kanyang pagpapatindi sa patakarang gera ng US. Dito sa Asia Pacific, prayoridad ng US na pigilan ang paglakas ng China at sa katunaya'y naghahanda at inuupatan na pumutok ang inter-imperyalistang gera upang talunin ang karibal. Mayor na piyesa sa planong ito ang Pilipinas na nagsisilbing *forward military base* at bahagi ng itinakdang *first island chain* para sa depensa at opensa ng US.

Asahang higit na lalaki ang presensya ng mga tropang Amerikano sa Asia Pacific at iigting ang paghahanda sa Pilipinas bilang base para sa nilulutong gera ng US kontra China. Dadami at magiging mas masaklaw ang mga ehersisyong militar, pati ang mga kagamitang pandigma lalo ang mga misayl na ipi-*preposition* sa bansa. May pauna nang paglalagak ng Typhon *missile system* sa Hilagang Luzon habang magtitipon ang higit 16,000 Amerikano at pwersa ng AFP para sa Balikatan Exercises ngayong taon. Tiyak na mayroon ding plano para sa pagpapalawak ng mga base militar ng US at pagdadagdag pa ng mga bago lalo sa bahaging West Philippine Sea na direktang kaharap ng China.




Hindi nagbabago ang pagturing ng US sa Pilipinas bilang susing base militar sa Asia, ngunit dahil pinepeste ng panloob na krisis, maaaring mabawasan ang ayudang militar ng US sa malakolonya. Nahihirapan na ang US na isustine ang mga gastusing militar nito sa ibayong dagat sa harap ng lumalakas na panawagang kontra-gera at himutok ng mga Amerikano sa papaliit na pondong laan ng gubyerno ng US para sa direktang kapakinabangan ng mamamayan. Anuman, tiyak na lalaanan ng US ang Pilipinas sa sapat na ayudang militar para tiyaking mapagsilbi ito sa nilulutong gyera sa Indo-Pacific. Patunay dito, ang paunang deklarasyon ni Trump na pagfi-*freeze* sa ayudang militar ng US sa Pilipinas, sa kalauna'y binawi rin. Sa kabilang banda, ang saglit na pagdadamot ni Trump ng ayuda sa AFP ay maaaring tingnan na parte ng kanyang *loyalty check* sa mga tuta ng US—isang kinakailangang hakbangin matapos ang pamamangka sa dalawang ilog ng nakaraang rehimeng Duterte.

Ang pagpapatibay ng posisyon at higit pang pagpiga at pagkamkam ng US sa yaman ng Pilipinas ay hindi maaaring ipatupad nang walang katugon na kampanyang panunupil sa mamamayang Pilipino. Gagamitin ng US ang mabalasik na supresyon upang patahimikin ang mga tumututol at humahadlang sa mga maka-US na programa't patakaran na ipapataw nito sa bansa. Pangunahing target nito ang pambansa-demokratikong kilusan sa pamumuno ng PKP-BHB-NDFP na konsistenteng naninindigan para sa tunay na pambansang kalayaan at kumikilos upang ibagsak ang imperyalismong US. Tulad ng mga nagdaang kontra-rebolusyonaryong oplan na ipinatupad ng US at tuta nitong estadong GRP mula panahon ni Marcos Sr., ang kasalukuyang National Security Plan ng rehimeng Marcos Jr. ay nakadisenyo upang ipagtanggol ang *status quo* na paghahari ng US sa Pilipinas. Inaasahan ni Marcos Jr. ang suporta ni Trump para sa pagpapatuloy ng brutal na panunupil na magsisilbi rin sa pagkokonsolida ng kapangyarihan sa pulitika ng pamilya Marcos.

Nagbabadya ang mas matitinding pang-aatake sa lupa, kabuhayan, karapatan at kalayaan ng mamamayang Pilipino sa ikalawang termino ni Trump. Sa harap nito, wala nang mas aangkop na tugon kundi ang mas masigasig na pakikibaka at pagsusulong ng digmang bayan na ultimong solusyon sa paglansag sa pamamayagpag ng imperyalismo. Kailangang makipagkaisa ang mga Pilipino sa lahat ng mga mamamayan at bayang inaapi ng US upang isulong ang anti-imperyalistang pakikibaka sa buong mundo hanggang mahawan ang landas tungong sosyalismo.

# Bagong taong pagsulong

ni Malayang Bukirin

*Nagsara na ang isang taon*
*Ngunit marami itong gawaing pabaon*
*Na dapat balikatin sa Bagong Taon*
*At iabante sa muling pagsulong*

*Hahabulin ang gawaing naiwan*
*At sisikaping hindi na mabibitawan*
*Iwawasto ang mga kahinaan at pupunahin ang mga kamalian*
*Alisin ang mga bara sa daluyan*
*Muling bawiin mga erya at baseng naiwan*
*Nang muling lumawak ang eryang nakikilusan*
*Pupukawin, oorganisahin at pakikilusin ang masa*
*At kukumpletuhin ang SICA* sa kanila*
*Nang di maligaw sa linya sa pulitika.*
*muling dadagundong ang kilusang masa sa kanayunan*
*At susulong hangang kalunsuran*

*Muling paputukin ang mga taktikal na opensiba.*
*Na yayanig at gigimbal sa kanila*
*Na lilipol at susugat sa kaaway nang pautay-utay*
*Bibigyang hustiya at parurusahan ang taksil at may utang na dugo*
*Para maging madulas ang pagpasok ng Hukbo*
*At matigil ang paninibasib ng berdugo*

*Sa bagong kabanata ng pagbangon at muling paglakas*
*Bagong taon, bagong panata sa ating mga prinsipyo't kataga*
*Tangan ang baril at mahipit ang hawak*
*Handang makihamok at sumuong sa unos*
*Lalagpasan alinmang pagsubok*
*Laging matibay ang pasya ng isip at diwa*
*na lumaban hanggang dulo*
*Kahit malagot ang hininga at dumanak ang dugo*
*hindi titigil ang Pulang hukbo*
*Tagumpay para sa proletaryo!*

**SICA – Social Investigation and Class Analysis (Panlipunang Pagsisiyasat at Pagsusuri sa Uri)*




# Dekada

ni Ka Azum

*Malikot ang isip ko*
*Naglalaro ang mga senaryo*
*Dekada na naiwan ng hukbo*
*Tatanggapin kaya nila ako o pagsasarhan ng pinto?*

*May mga kaganapan sa aking karanasan*
*sa mga eryang binabalikan*
*Napagkamalang akyat bahay, magnanakaw at scammer*
*Minsa'y hanggang tanaw lamang, hanggang bakuran na lang*

*Bawat katok sa pinto*
*May pangamba sa puso*
*"Magandang araw po*
*Ako po ay inyong hukbo"*

*Eryang ngayo'y binalikan*
*Sa hanay ng hukbo'y malaking kapunahan*

*Ako'y napaiyak habang naglilinaw*
*Pagkat masa'y bukas pa rin sa hukbo*

*Dekada ang lumipas*
*Masa ay naghihintay*
*Matagal na naiwan*
*Mainit ang pagtanggap*
*Sa aming pagbabalik*

*Sa pagpasok ng bahay*
*Hanggang sa paglabas*
*Ngiti'y hindi mawari*
*Masayang nagpapaalam*
*Masa'y hahabol pa*
*Aabot ng jacket*
*Wika niya: "Malamig... Tag-ulan...*
*Baka magkasakit"*
*Pag-aalala, pag-aalaga*
*Ng masang ina*
*Sa anak ng bayan*